

**1. Paalala Tungkol sa Pagtanggap ng Cash Benefits sa mga Households na Exempted sa Bayarin ng Residential Tax.**

Ang cash benefits o pinansyal na ayuda na nagkakahalaga ng 100,000¥ ay ipagkakaloob sa mga households na kung saan ang lahat ng miyembro nito ay exempted sa pagbabayad ng residential tax sa taong 2021. Ganundin sa mga pamilyang ang kinita ay biglang nabawasan dahil sa epekto ng COVID 19. Ang mga kaukulang dokumento ay ipapadala sa mga pamilyang naaangkop para sa benepisyong ito. Mangyaring suriin ang nilalaman ng sobre na matatanggap upang maipagpatuloy ang proseso ng application para rito. Bilang karagdagan, ang pamamaraan para sa mga application sa mga pamilyang lumiit ang kinita dahil sa COVID 19 ay binago. Ito ay ibabase na sa naging income ng household mula Enero ng taong kasalukuyan pasulong.

Ang mga households na naaangkop sa Residential Tax Exemptions at pareho ring nagkaroon ng biglaang pagbabago sa kinita nito dahil sa epekto ng COVID 19 ay minsanan lamang makakatanggap ng benepisyong ito kasama na rin ang mga ibang miyembro ng household.

Para sa karagdagang impormasyon ay tumawag lamang sa Tochigi City hall, ang Special Cash Benefit para sa mga Residential Tax Exempted Households sa kanilang Call Center sa numero 0282-28-7721.

## 2. Tungkol pa rin sa Cash Benefits Support para naman sa mga Child-Rearing Households.

Upang suportahan ang mga single parent households na nahaharap sa pagtaas ng presyo ng mga bilihan at iba pang hamon sa buhay sa gitna na rin ng matagal ng suliranin dulot ng COVID 19 ay ipagkakaloob ang espesyal na pinansyal na suporta para sa kanilang kabuhayan.

Ang mga eligible para sa benepisyong ito ay ang mga households na tumatanggap ng Child Support Allowance (Jidou Teate) mula pa noong Abril ng taong 2022, sa mga hindi tumatanggap ng Child Support Allowance dahil tumatanggap na ng pension at sa mga single parent households na hindi tumatanggap ng Child Support Allowance ngunit biglang lumiiit ang kinita dahil sa COVID 19 na ang halaga ng income ay katumbas na rin ng mga households na tumatanggap ng Child Support Allowance.

Ang halaga ng ipagkakaloob na pinansyal na suporta ay 50,000¥ bawa't bata.

Ang mga tatanggap ng benepisyong ito dahil sa pagkakaloob sa kanila ng Child Support Allowance mula pa noong Abril ngayong taon ay makakakuha ng nasabing halaga sa huling bahagi ng Hunyo sa parehong bank account na kung saan ipinapadala ang Child Support Allowance.

Ang mga iba pang karapat-dapat na tatanggap ng benepisyong ito ay kailangang mag-apply at isasailalim sa pagsusuri kung angkop sa kanila ang mga kondisyones.

Tingnan ang website ng Tochigi City para sa detalyadong impormasyon kung paano mag-apply, ang deadline at iba pa. Ipapagbigay alam ito sa lahat sa sandaling makumpleto ang impormasyon para dito.

### 3. Ang Pagbayad ng ating Buwis sa Takdang Araw.

Ang ibinabayad na buwis sa lungsod ay mahalaga sa pagkakaisakatuparan ng mga pampublikong serbisyo na nauugnay sa pamumuhay ng mga mamamayan gaya ng welfare, edukasyon, pag-iwas sa kalamidad at pagpapaunlad sa mga komunidad.

Ang pagiging delingkwente sa bayarin ng mga buwis ay magbibigay kagipitan sa pananalapi ng pamahalaang lungsod na magiging sanhi sa pagkaantala ng mga nasabing serbisyo sa mga mamamayan nito.

Ang lungsod ay magpapataw ng mga kaparusahan para sa mga delinquents tulad ng pagkumpisa ng mga ari-arian alinsunod sa batas at regulasyon, ito ay sa kabila ng paghimok ng lungsod na kusang loob na magbayad ng mga buwis sa pamamagitan ng paalala at ipinapadalang kahilingan na magbayad. Ipapadala ang demand letter paglipas ng 20 araw ng deadline ng payments, at kung hindi pa rin magbayad ay isasagawa na ang pagkumpiska ng mga ari-arian pagkatapos ng 10 araw.

Ang City Tax Collection Section ng lungsod ay magsasagawa ng pagkumpiska ng mga ari-arian pagkatapos nitong magsiyasat sa pagkakaroon ng sahod, savings, life insurance policies, real estate properties at iba pa ng mga tax delinquent individuals sa anumang oras. Sa mga delinquents na hindi nagbabayad sa takdang araw ng palugid o hindi tumutupad sa pangako ng pagbabayad ay gagawin ang sapilitang pagsasaliksik sa kanilang mga kabahayan ng walang abiso.

Kung naging delingkwente, huwag itong pabayaang lamang. Kumunsulta sa kagawaran ng pagkolekta ng buwis sa lalong madaling panahon.

#### 4. Ang Pag-iwas sa Heat Stroke.

Noong nakaraang taon sa pagitan ng mga buwan ng Mayo at Setyembre ay may 72 na katao ang naitalang dinala sa emergency room ng mga pagamutan dahil sa heat strokes.

Nagkakaroon ng heat strokes hindi lamang sa labas ng bahay kundi maging sa loob nito. Dapat maging maingat at bigyang atensyon ang mga pagkakataon na biglang uminit ang panahon pagkatapos ng tag-ulan o nagtrabaho o nagkakaroon ng mga aktibidad sa mainit na kapaligiran.

Upang hindi magkaroon ng heat strokes ay ilagay ang temperature ng silid sa hindi lalampas ng 28°C. Gamitin ang air conditioner ng maigi at sa tamang adjustment ng room temperature.

Ganundin, uminom ng tubig bago ang mga sumusunod na gawain:

Pagkagising, pagkatapos kumain, lumabas ng bahay, mag-ehersisyo, maligo, matulog at bago makaramdam ng pagka-uhaw.

Pangalagaan ang kalusugan sa pamamagitan ng pagkain ng balanced diet.

Ang pag-suot ng facemask ay patuloy pa ring dapat gawin bilang pangunahing hakbang sa pag-iwas sa COVID 19. Gayunpaman, sa panahon ng tag-init bilang paraan sa pag-iwas sa heat stroke ay iminumungkahi na lamang na tanggalin na ito kapag nasa labas at sa mga pagkakataon na hindi na ito kinakailangan.

Siguraduhin na magsuot lamang ng facemask nang naaangkop sa sitwasyon.